



Huwag Kayong Humatol



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Sir 27:5-8)

⁵PAG niliglig mo ang bistay, maiiwan ang magaspang; ‘pag ang tao’y nagsalita, kapintasa’y lumilitaw. Ang gawa ng magpapalayok ay sa hurno nasusubok, ang pagkatao ng sinuma’y makikita sa usapan. ⁶Sa bunga ng punóngkahoy nakikilala ang ginagawang pag-aalaga; sa pangungusap ng isang tao, damdamin niya’y nahahalata. ⁷Huwag mo munang pupurihin ang isang tao hanggang hindi nakapagsalita, ⁸sapagkat doon mo pa **makikilala ang tunay niyang puso’t diwa.**

Tema: **Kahalagahan ng Pananalita**

PAGPAPALIWANAG

- Kapansin-pansin ang paghahalintulad ng asal ng tao sa mga pang-araw-araw na gawain:

b. 4, niliglig ang bistay, b. 5, paghuhurno ng magpapalayok at sa b. 6, pag-aalaga ng punong kahoy. Ang tatlong pagkakataong ito ay nagpapahayag ng proseso o saloobin na nagbigay ng resulta: tao’y nagsalita, makikita sa asal, sa pamamaraan ng kanyang pakikipag-usap.

- Hindi ibig sabihin na ang mga salita ay mas mahalaga kaysa gawa. Ang punto ay mababatid mo rin sa pananalita, sa pangungusap kung ano ang damdamin o kalooban ng tao. Ibig sabihin na magiging daan ang mga salita upang lalo mong makilala ang tunay niyang puso at diwa kaysa pisikal lang na anyo.

PAGNINILAY

Binigyan din ng halaga ang proseso o ang konteksto ng mga salitang lumalabas sa ating bibig o kaya ang mga damdamin at ideya na

napaloob sa ating pangungusap, pagsasalita, pakikipagkapwa. Kaya ang salita rito ay hindi lang yaong kung ano ang narinig, ang konsepto ng salita, ang pag-iintindi ng realidad ng salita ay isang buhay, nagbibigay ng kaganapan.

**SALMONG TUGUNAN (Slm 91)
TOTOONG KALUGUD-LUGOD ANG
MAGPASALAMAT SA D'YOS**

IKALAWANG PAGBASA (1Cor 15:54-58)

MGA KAPATID: ⁵⁴kapag napalitan na ng walang pagkabulok ang nabubulok at napalitan na ng walang kamatayan ang namamatay, matutupad ang nasasaad sa Kasulatan: “Nalupig na ang kamatayan: ganap na ang tagumpay!”

⁵⁵“Nasaan, O kamatayan, ang iyong tagumpay? Nasaan, O kamatayan, ang iyong kamandag?”

⁵⁶Ang kamandag ng kamatayan ay ang kasalanan at ang lakas ng kasalanan ay nagmumula sa Kautusan. ⁵⁷Magpasalamat tayo sa Diyos na nagbibigay sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesukristo!

⁵⁸Kaya nga, mga kapatid, **magpakatatag kayo at huwag matitinag. Magpakasipag kayo sa gawain para sa Panginoon** yamang alam ninyong di nasasayang ang inyong pagpapagal para sa kanya.

Tema: **Katuparan ng Salita**

PAGPAPALIWANAG

• Ang bb. 50-57 ay tumutugon sa unang tanong sa b. 35: Paano mabubuhay muli ang mga patay? Anong uri ng katawan ang taglay nila sa pagdating? At ipinapaliwanag sa teolohikal na paraan kung paano ang pagbabago mula sa lumang imahen hanggang sa pagbabago na naganap, dahil may kapangyarihan ang Diyos na baguhin ang nais niya, at magaganap ito ayon sa kanyang kalooban.

- Bb. 54b-55 ay mula sa aklat ni propeta Oseas, at nang ginamit ni Pablo ay para na ring ito ang sigaw ng mga mananampalataya kay Hesus, puno ng pag-asa!
- Sa b. 56, ang kamandag, katulad ng paghahalintulad ni Oseas sa kamandag ng alakdan ay talagang nakamamatay. Kamatayan ang kamandag. Kay Pablo, ang kasalanan ay ang kamandag; ito ang dahilan ng kamatayan.
- Kaya, nang tinalo ni Hesus ang kasalanan, tinalo din niya ang kamatayan (Rom 5:12).

PAGNINILAY

Sino ba ang matatakot ngayon sa kamatayan? Si Pablo ay nagsabi sa atin sa Rom 8, na kahit sa kamatayan, hindi tayo mahihiwalay kay Kristo. Sinugpo na niya ang kamatayan kaya para sa atin may pag-asang nag-aantay. Buhay na walang hanggan.

MABUTING BALITA (Lc 6:39-45)

³⁹NOONG panahong iyon, tinanong ni Hesus ang mga alagad nang patalinghaga: “Maaari bang maging tagaakay ng bulag ang isa ring bulag? Kapwa sila mahuhulog sa hukay kapag ginawa ang gayun. ⁴⁰Walang alagad na higit sa kanyang guro; ngunit kapag lubusang naturuan, siya’y magiging katulad ng kanyang guro.

⁴¹“Ang tinitingnan mo’y ang puwing ng iyong kapatid ngunit hindi mo pinapansin ang tahilan sa iyong mata. ⁴²Paano mo masasabi sa iyong kapatid, ‘Kapatid, bayaan mong alisin ko ang iyong puwing,’ gayung hindi mo nakikita ang tahilang nasa iyong mata? Mapagpaimbabaw! Alisin mo muna ang tahilan sa iyong mata, at makakikita kang mabuti; sa gayo’y maaalis mo ang puwing ng iyong kapatid.

⁴³“Walang mabuting punòngkahoy na namumunga ng masama, at walang masamang punòngkahoy na namumunga ng mabuti. ⁴⁴Nakikilala ang bawat punòngkahoy sa pamamagitan ng kanyang bunga. Sapagkat hindi nakapipitas ng igos sa punò ng aroma, at di rin nakapipitas ng ubas sa punò ng dawag. ⁴⁵Ang mabuting tao ay nakapagdudulot ng mabuti sapagkat **tigib ng kabutihan ang kanyang puso**; ang masamang tao ay nakapagdudulot ng masama, sapagkat punò ng kasamaan ang kanyang puso. Sapagkat kung ano ang bukambibig **siyang laman ng dibdib.**”

Tema: **Kahalagahan ng Kalooban**

PAGPAPALIWANAG

- Ang susi na nagbibigay ng liwanag sa talinghagang ito ay sa b. 37: “Huwag kayong humatol at hindi kayo hahatulan...”
- Ang batayan ng ating pakikitungo ay hindi ang paghuhusga na parang tayo ang mayroong karapatan ng paghahambing sa sarili natin sa iba. Ang dapat na bigyan natin ng diin ay kung paano tayo ginagawang makatarungan ng Diyos.
- Kaya sa b. 40, ang maaari nating tingnan na guro ay ang Diyos, at hindi ang guro na katulad din nating tao na marupok at maari ding magkasala o kaya hindi mapagpatawad na siuyang kabaliktaran ng Diyos.
- Kung maka-Diyos ang ating makikitungo, alam natin na mabuti ang maging bunga ng ating kalooban (b. 45).

PAGNINILAY

Ano ba ang ating nakikita at hindi nakikita? Nakikita natin ang pagkakamali ng iba, ang masama nilang ugali. Hindi kaya ito lang ang nakikita mo sa kanila dahil ito rin ang bahagi ng iyong mundo, WYSIWYG- “what you see is what you get,” dahil yan ang nakita mo, yan

din ang mapapala mo. Lalo na pagsinasabi mo pang hindi yan mangyayari sa akin, dahil mas magaling ako sa kanila. Kung ang ating sarili ang batayan, madali tayong mahulog sa patibong ng epokrisya. Kapag epokrito at epokrita ang lahat, walang nang puwang ang Diyos sa ating paningin.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay tumutukoy sa kahalagahan ng pananalitang nagpapahiwatig ng ating saloobin.

Ang Ikalawang Pagbasa ay tungkol sa kapangyarihan ng Diyos na may kaloobang magaganap ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng kanyang Anak, ang Salitang nagkatawang tao.

Ang Mabuting Balita ay nagbibigay sa atin ng pabala na huwag tayong mapaghusga; ang gawin nating batayan ay ang Diyos na may walang hanggang awa sa atin.







III. SALAMIN NG BUHAY

1. Ngayon ang huling linggo ng karaniwang Panahon bago Kuwaresma. Anu-ano ang mga paghahandang maari nating gawin sa pagdating ng Kuwaresma?

2. Bakit mahalaga, lalo na sa paghalal ng ating mga kandidato ang kasabihang, “Walk the Talk? (HM).

- *Pagpapaliwanag: Br. Hansel B. Mapayo, SSP*

Mga Bagong Libro ng ST PAULS



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.
Luwalhati... (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)